Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-8 NG SETYEMBRE, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 203-T´99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 107-T´99/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 02-T´99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN PABLO NORTE NA ITINUTUGMA AT INILILIWAT ANG HALAGANG TATLUMPU´T TATLONG LIBONG PISO (P33,000.00) MULA SA PONDO SA SOCIAL SECURITY SERVICES AND WELFARE NG NABANGGIT NA BARANGAY UPANG GAMITIN SA MENTINANSYA NG PASILIDAD NG BARANGAY (P33,000.00) AT ANG HALAGANG DALAWANG LIBONG PISO (P2,000.00) MULA SA SEMINAR/LAKAD-OPISYAL UPANG IPAMBAYAD SA ANNUAL FEE SA LIGA NG MGA BARANGAY (P2,000.00) NA MAY KABUUANG HALAGANG TATLUMPU´T LIMANG LIBONG PISO (P35,000.00)

**SAPAGKA´T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 107-T´99/Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T´99 ng Sang. Brgy. ng San Pablo Norte na naglalayong makapagtugma at makapagliwat ng pondo ng nabanggit na barangay, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA´T,** ang naturang pagliliwat ng gugulin ay naaayon sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos;

**SAPAGKA´T,** ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan;

**KUNG KAYA´T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo´y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 107-T´99/Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T´99 ng Sang. Brgy. ng San Pablo Norte na itinutugma at inililiwat ang halagang P33,000.00 mula sa pondo sa Social Security Services and Welfare ng nabanggit na barangay upang gamitin sa Mentinansya ng Pasilidad ng Barangay (P33,000.00) at ang halagang P2,000.00 mula sa Seminar/ Lakad-Opisyal upang ipambayad sa Annual Fee sa Liga ng mga Barangay (P2,000.00) na may kabuuang halagang P35,000.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat Y ang Tagatuos at Sang. Brgy. ng San Pablo

Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

BERNARDO E. ISON
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
9-13-99
LAGUNA